



Mga Katotohanan at Tip sa Panlipunang Libangan para sa mga Kliyente, Tagapag-alaga, at Pamilya

Maraming benepisyo ang pakikilahok sa mga aktibidad sa panlipunang libangan. Ang pagbuo ng relasyon at pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan o pamilya sa komunidad ay may positibong benepisyo para sa ating kalusugang pangkaisipan at pisikal. Ang pangkat sa pagpapalano ay bubuo ng isang layunin sa IPP na nakasentro sa tao na may kaugnayan sa pag-access sa mga aktibidad sa panlipunang libangan.

Mga bagay na dapat malaman:

Hindi mo kinakailangang:

- Ubusin ang IHSS bago isaalang-alang ng ACRC ang pagpopondo sa mga aktibidad sa panlipunang libangan at/o hindi medikal na therapy.
- Ipagpalit ang mga oras ng pahinga (respite hours) o anumang iba pang serbisyo para sa mga aktibidad sa panlipunang libangan, camp, o hindi medikal na therapy.
- Magbayad ng copayment o magkaroon ng bahagi sa gastos para sa mga aktibidad sa panlipunang libangan, camp, o hindi medikal na therapy.

Paghahanda para sa Tagumpay:

Ano ang pangangailangan sa panlipunang libangan ng iyong mahal sa buhay?

- Pag-isipan at tanungin ang iyong mahal sa buhay tungkol sa mga aktibidad na gusto nila, o na gusto nilang subukan. Nakakatulong ito upang matiyak ang isang pamamaraang nakasentro sa tao.
- Nakilahok na ba sila sa anumang uri ng aktibidad dati? Nakakatulong ito upang matukoy ang kahandaan para sa mga bagong aktibidad:
 - Parke sa komunidad, recess sa paaralan, adaptive PE, mga rally, sayawan, palakasan, mga aktibidad pagkatapos ng klase, mga kaganapan o club sa komunidad.

Mga bagay na dapat isaalang-alang at pag-usapan ang mga kagustuhan:

- Maayos ba ang iyong mahal sa buhay sa mga tahimik na lugar? Kaya ba nilang tiisin ang maingay at maliwanag na lugar?
- Mas gusto ba nila ang malalaki o maliliit na grupo?
- Anong mga edad ng iba ang kasundo nila?
- Isipin ang antas ng suporta na kailangan - kaya ba nilang sumali sa isang grupo nang mag-isa o kailangan ba nila ng suporta/pagsasanay sa pakikisalamuha (social coaching)?
- Ano ang antas ng kamalayan sa kaligtasan ng iyong mahal sa buhay?

- Mayroon bang mga medikal na restriksyon o pangangailangan sa paggalaw na dapat isaalang-alang?
- Mga aktibidad sa loob kumpara sa labas ng bahay:
- Maraming pagkilos o mas maraming aktibidad na nakaupo
- Mga pangangailangan sa komunikasyon

May dalawang paraan kung paano maaaring pondohan ng ACRC ang mga serbisyo sa panlipunang libangan:

- **Gumamit ng ACRC vendored provider.** Ito ay katulad ng iba pang mga serbisyo na maaaring natatanggap mo kung saan direktang binabayaran ng ACRC ang provider sa pamamagitan ng pagbili ng serbisyo. Isang listahan ng mga akreditadong provider sa aming website: https://www.altaregional.org/sites/main/files/file-attachments/camp_and_social_recreation_master_list.docx?1728510090
Maaari ka ring tulungan ng iyong service coordinator (SC).

O

- **Gumamit ng isang provider ng mga serbisyo sa pamamahala ng pananalapi (Financial Management Services, FMS).** Direktang binabayaran ng FMS ang community provider at pagkatapos ay sisingilin ng FMS ang ACRC para sa mga serbisyong iyon. Ang FMS ay isang tagapamagitan na nag-aayos ng direktang pagbabayad sa community provider.
- Ang community provider ay dapat handang tumanggap ng mga bayad mula sa third-party galing sa FMS. Ipapaliwanag ng FMS ang proseso sa community provider.

Mga Pangkalahatang Tip para sa Maayos na Proseso:

- Unawain na ang ilang provider ng panlipunang libangan at community provider ay maaaring walang sapat na kaalaman at kasanayan sa pagtatrabaho sa ating populasyon.
- Maaaring kailanganin ng mga provider ng tulong sa pag-unawa kung paano pinakamahusay na makipag-ugnayan sa iyong mahal sa buhay.
- Maging matiyaga sa proseso
- Maaaring tumagal bago mo mahanap ang tamang serbisyo para sa iyong mahal sa buhay.
- Mangyaring kumpletuhin ang mga papeles sa pagpapatala sa tamang oras, at kung nakikipagtulungan sa isang ahensya ng FMS, mangyaring tumugon sa kanilang mga email at tawag.
- Aabisuhan ng ahensya ng FMS ang mga pamilya at kliyente kapag handa nang magsimula ang serbisyo, maaari itong tumagal ng hanggang 4-6 na linggo sa ilang kaso.
- Palaging makipag-ugnayan sa iyong SC kung kailangan mo ng tulong o may mga tanong.